

e-Panday-Basa: Mungkahing Manwal ng Phil-IRI – Filipino na Lokalizado at Kontekstuwalisado para sa Junior High School

Trixie C. Duzon
Hulo Integrated School
Philippine Normal University
ching.ts@pnu.edu.ph

Niña Christina L. Zamora
Philippine Normal University
zamora.ncl@pnu.edu.ph

Abstrak

Ang pagbuo ng isang pinagyamang manwal ng Phil-IRI na nakatuon sa pagiging lokalizado at kontekstuwalisado ng mga teksto para sa Junior High School sa Hulo Integrated School ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito. Nagsagawa ng panayam at Focus Group Discussion upang masuri ang nilalaman (teksto) ng Phil-IRI at batay sa naging resulta, binuo ang e-Panday-Basa upang tugunan ang natuklasang pangangailangan sa ibayong pagpapaunlad ng Manwal ng Phil-IRI 2018. Upang masuri ang lokalisasyon at kontekstuwalisasyon ng nilalaman (teksto) ng Phil-IRI ay tinukoy ang mode batay sa naging tugon ng mga kalahok upang maanalisa ang datos at lumabas sa resulta ng mode ang 2 na nagpapahiwatig na may kakulangan ang kasalukuyang manwal ng Phil-IRI. Sumailalim sa try-out at ebalwasyon ang nabuong e-Panday-Basa kasama ang mga kalahok na guro, administrasyon ng paaralan, piling mag-aaral mula sa baitang pito at mga eksperto o web developer upang matiyak ang kabisaan nito bilang isang kagamitang pampagtataya sa antas ng pagbasa batay sa nilalaman (teksto) at pagiging isang mahusay na website nito at batay sa naging resulta, nagtala ito ng 4 na mode na nangangahulugang lubos na nagpakita ng kaunlaran ang nabuong website bilang isang kagamitang pampagtataya sa pagbasa bagaman nangangailangan ito ng pondo mula sa mga paaralang nais gumamit ng binuong website (e-Panday-Basa). Bilang pagpapalawig sa pag-aaral ay ininumungkahing ipagpatuloy ang paggamit sa e-Panday-Basa bilang kagamitang pampagtataya sa antas ng pagbasa at magsagawa ng iba pang pananaliksik na tutuon sa ebalwasyon ng nabuong website. Maaari ding gamitin ito bilang sanggunian sa mga kaugnay na pananaliksik.

Mga Susing-Salita: Phil-IRI, pagtataya, e-Panday-Basa, lokalizado, kontekstuwalisado

Abstract

This research aims to develop an enhanced Phil-IRI manual focused on localizing and contextualizing texts for the Junior High School at Hulo Integrated School. To evaluate the content (texts) of Phil-IRI, focus groups and interviews were held. Based on the results, the e-Panday-Basa was created to address the identified needs for the further development of the Phil-IRI 2018 Manual. To assess the localization and contextualization of the content (texts) of Phil-IRI, data analysis was performed by calculating the mode of respondents' answers. The result showed a mode of 2, indicating a deficiency in the current Phil-IRI manual. The developed e-Panday-Basa underwent a try-out and evaluation with participating teachers, school administration, selected students from Grade 7, and experts or web developers to ensure its effectiveness as an assessment tool for reading comprehension based on content (texts) and its functionality as a website. The result recorded a mode of 4, signifying significant progress for the developed website as an assessment tool for reading comprehension. However, it requires funding from schools interested in using the developed website (e-Panday-Basa). As an extension of the study, it is recommended to continue using e-Panday-Basa as an assessment tool for reading comprehension and to conduct further studies focusing on a more in-depth evaluation of the developed website. Related research may be based on this study.

Keywords: Phil-IRI, assessment, e-Panday-Basa, localized, contextualized

Panimula

Isa sa mga kasanayang nililina sa programang K-12 na isinasaad sa Enhanced Basic Education Act of 2013 ang pagbabasa. Ayon kay Mortera (2011), itinuturing na ina ng lahat ng kasanayan ang pagbasa, at kailangang magtamo muna ang mga mag-aaral ng kasanayan sa pagbabasa bago sumuong sa pagtatamo ng iba pang kasanayan.

Batay sa sarbey na isinagawa ng NBDB Readership noong 2018, 22.50% lamang ng mga kabataan ang nagbabasa bilang libangan; 40.98% ang nagbabasa dahil sa pangangailangan sa paaralan; 8.73% ang nagbabasa upang makasabay sa kasalukuyang kaganapan sa kapaligiran o lipunan at 23.37% naman ang nagbabasa upang mapaunlad ang kakayahang pambokabularyo at ang kasanayan sa pagbasa nang may pang-unawa.

Bukod dito, ipinakita sa isinagawang sarbey na ang magulang ang higit na may malaking impluwensiya sa paghikayat sa mga mag-aaral na magkaroon ng pagkahilig sa pagbabasa. Patunay na mahalaga ang tungkulin ng mga magulang sa pagpapaunlad sa antas ng pagbasa.

Higit na lumala ang suliranin sa pagbasa nang magkaroon ng pandemya ang bansa. Ayon kay Baclig (2022), mas dumami ang bilang ng mga kabataang nasa sampung taong

gulang na hindi nakababasa sa loob ng dalawang taong pandemya. Bagamat nagbalik-eskuwela na ang mga paaralan sa kasalukuyan ay higit na nakita ang epekto ng mababang kalidad ng edukasyon dulot ng mahabang lockdown.

Hindi na bago sa isang bansang nagsisimula pa lamang umunlad tulad ng Pilipinas ang usapin ng pagkakaroon ng mababang kalidad ng edukasyon. Hindi maikakailang malaki pa rin ang pangangailangan sa pagpapaigting ng pinapangarap na mataas na kalidad ng edukasyon bagama't marami nang paraan ang ginawa ng Kagawaran ng Edukasyon at ng gobyerno upang mapataas ang antas ng karunungan.

Nakasunod na rin ang Pilipinas sa sistema ng kurikulum sa mga kanluraning bansa. Naging kontrobersyal na usapin ang pagpapatupad ng K-12 nang magsimula ang implementasyon nito noong 2015. Patunay lamang ito na mas lumaki pang lalo ang pangangailangan ng mga kagamitang pampagkatuto at pampagtuturo nang sa gayo'y mapataas ang kalidad ng edukasyon, bagama't simula pa noong 2012 ay mayroong inilaang badyet na nagkakahalaga ng 21 milyong piso upang pondohan ang mga programa at interbensyon upang maiangat ang antas ng pagbasa dahil ito ang itinuturing na pinakapundasyon ng pagkatuto ng isang bata.

Isang programa ng Kagawaran ng Edukasyon ang Phil-IRI (Philippine Informal Reading Inventory) na nakatuon sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga kabataan sapagbabasa. Nakaangkla ang layuning ito sa programa ng Kagawaran ng Edukasyon, "Bawat Bata Bumabasa" (Every Child A Reader Program) na may layuning umangkop ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat sa baitang na kinabibilangan.

Binubuo ang Phil-IRI ng mga materyal batay sa baitang na kukuha ng pagsusulit. Tinataya ang antas ng pagbasa (bilis ng pagbasa, malakas na pagbasa at lebel ng pag-unawa) sa paggamit ng mga pormula gamit ang manwal ng Phil-IRI.

Mula sa pormula ay matutukoy ang kakayahan sa pagbasa batay sa tatlong uri nito: 1) Tahimik na Pagbasa (silent reading), 2) Pakikinig nang may Pang-unawa (listening comprehension); at 3) Malakas na Pagbasa (oral reading skill). Mula sa mga uri, matutukoy kung ang mag-aaral ay: a) malayang nakababasa (Independent reader), b) katamtamang taas ng antas ng pagbasa (Instructional reader); at c) may mababang antas ng pagbasa (Frustrated reader).

Bukod dito ay inoobserbahan din ang paraan (behavior) tulad ng paisa-isang pagbasa, damdamin sa pagbabasa o pagbabago ng tono, lakas o hina ng boses, pagpuna sa mga bantas, pagturo sa binabasa at ang paraan ng pagsusuri ng isang mag-aaral habang isinasagawa ang malakas na pagbasa upang mas maging angkop ang magiging resulta ng antas ng pagbasa.

Samantala, ayon kay Dougherty Stahl (2009), kinakailangang isaalang-alang ang pagkakaiba ng mga mag-aaral bago isagawa ang pagtataya. Mayroong mga mag-aaral na umuunlad na mambabasa (emergent reader) at nagsisimulang mambabasa (novice reader) pa lamang. Mula rito, kinakailangang may pagkakaiba ang nilalaman ng pagtatayang gagamitin sa dalawang uri ng mambabasa. Taliwas ito sa manwal ng Phil-IRI. Bagama't hindi pare-pareho ang bigat ng mga tanong sa bawat baitang, hindi nito naisaalang-alang ang pagkakaiba ng uri ng mambabasa sa bawat baitang.

Batay sa Batas Republika Blg. 10533 Seksyon 10.2, kinakailangang kontekstuwalisado at globalisado ang kurikulum. Ang kurikulum ay nangangailangan ng sapat na kakayahang umangkop sa mga paaralan na maisalokal at mapaunlad batay sa pang-edukasyon at panlipunang konteksto. Nakaugnay ito sa Misyong ng Kagawaran ng Edukasyon na protektahan at isulong ang karapatan ng mga Pilipino sa pagiging pantay, de-kalidad, nakaayon sa kultura at kompletong kinakailangang edukasyon.

Bilang bahagi ng kurikulum ang pagbasa, nangangailangan din itong maging kontekstuwalisado at lokalisado. Mula rito ay mailalapit sa mga mag-aaral ang binabasang teksto sapagkat gagamit ang mga guro ng mga tekstong nakaangkla sa interes, pangangailangan, at mula mismo sa buhay ng mga mag-aaral.

Hindi makikita sa kasalukuyang manwal ng Phil-IRI na ipinatutupad sa mga pampublikong paaralan ang mga inilahad na pag-aaral. Nagiging mababa ang resulta ng mga pagtataya dahil sa hindi pagsasaalang-alang sa bawat antas at abilidad ng mga mag-aaral sa pagbasa dahil nasa iisang lebel ito nabibilang. Hindi rin isinasaalang-alang ang kahalagahan ng pagiging lokalisado at kontekstuwalisado ng mga teksto sa kasalukuyang manwal ng Phil-IRI.

Dagdag pa rito, kung pagbabatayan ang resulta ng isinagawang pauna at panapos na pagtataya ng Hulo Integrated School (HIS) taong panuruan 2021-2022; mapapansing marami sa mga nasa ikapitong baitang na mag-aaral ang nasa katamtamang antas ng pagbasa (instructional) at malayang nakababasa o (independent) at nakatutuwang tingnang may mga mag-aaral pang lumahok at pumasa sa group screening test. Nagpapakita ito ng magandang resulta kung susumahin, subalit aminado ang mga gurong nagsagawa na ang resultang ito ay manipulado at isinagawa lamang sa layong may maipasang dokumento sapagkat hindi rin sigurado maging ang mga guro kung ang mga mag-aaral nga ba ang tunay na tumutugon sa mga pagtataya dahil isinagawa lamang ito sa pamamagitan ng Google Form (quiz) sapagkat kung babalikan, nasa ilalim pa ng distance learning ang mga mag-aaral sa taong panuruang ito. Walang malinaw na panuntunan kung paano isasagawa ang pagtataya at hindi rin alam ng mga guro kung paanong maihahatid ang kasalukuyang manwal sa tahanan ng mga mag-aaral.

Layunin ng pag-aaral

Isinagawa ng manananaliksik ang pag-aaral na ito upang masuri ang Manwal ng Phil-IRI at mapatunayan ang kaangkupan nito bilang materyal na ginagamit sa pagsukat ng lebel ng pag-unawa sa tekstong binabasa ng mga mag-aaral at batay sa naging resulta nakabuo ang manananaliksik ng e-Panday- Basa, mula sa pinagsama-samang mga salita ng elektronikong pagpapandanday ng kasanayan sa pagbasa– isang website ng pinaunlad na Manwal ng Phil-IRI na tuon sa pagiging lokalizado at kontekstuwalisado ng mga teksto o nilalaman nito bilang kagamitang pampagtataya na mas epektibong susukat sa lebel ng pag-unawa sa tekstong binabasa ng mga mag-aaral sa sekondarya.

Isinaalang-alang sa binuong pinaunlad na Manwal ng Phil-IRI ang sumusunod: 1) Kaangkupan nito sa pagsukat ng antas ng pagbasa ng mga mag-aaral, 2) mabilisang pagkuha ng resulta para sa ikagagaan/ikababawas ng mahabang pagtatrabaho ng guro at panghuli; 3) makasabay sa mabilis na pagbabago ng teknolohiya o modernisasyon, 4) lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng teksto.

Rebyu ng Literatura at Pag-aaral

Ang pagbasa at programang Phil-IRI

Ang isa sa pinakamahalagang kasanayang dapat malinang sa mga kabataan sa paaralan ay ang kasanayan sa pagbasa sapagkat ito ang kinikilalang ina ng lahat ng mga kasanayan. Ayon kay Mangahis (2011), ang pagbasa ay isang makrong kasanayang mahirap matamo sapagkat nangangailangan ito ng mabilisang proseso upang makapagbigay ng kahulugan sa mga tekstong binabasa.

Kaugnay nito, inaasahan din ayon kay Mortera (2011), na marunong nang bumasa ang lahat ng mga mag-aaral bago pa man tumuntong sa iba't ibang institusyon, bagama't ito ay hindi nakasulat sa isang batas. Kaya naman naglunsad ng isang programa ang Kagawaran ng Edukasyon upang malunasan ang lumalalang suliranin sa pagbasa at matulungan ang mga mag-aaral na matamo ang kasanayang ito sa pamamagitan ng “Bawat Bata Bumabasa.” Isa itong programa ng Kagawaran ng Edukasyon na may layuning gawing angkop ang kasanayan sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral sa kanilang baitang na kinabibilangan at ang Phil-IRI (Philippine Informal Reading Inventory) ang materyal na ginagamit upang maisakatuparan ang layunin ng programang ito.

Isa ring paraan ang programang ito upang patuloy na maisakatuparan ang misyon ng Kagawaran ng Edukasyon na maitaguyod at mapangalagaan ang bawat mag-aaral sa

pagkakaroon ng patas at de-kalidad na edukasyon na pinangangasiwaan ng guro ang pagkatuto at patuloy na paghubog sa mga mag-aaral.

Suliranin ng Phil-IRI

Mula pa noong 2009 ay marami nang mga pag-aaral ang gumamit ng Phil-IRI bilang kagamitang pampagtataya sa pagsukat sa lebel ng pagbasa ng mga mag-aaral. Nagsagawa ang Phil-IRI ng paunang pagtataya sa Rehiyon ng Bicol sa pagitan ng mga buwan ng Hulyo at Agosto at nakaaalarma ang naging resulta sapagkat nagtala ito ng 70,000 bilang ng mga mag-aaral na walang kakayahang bumasa.

Bagama't ayon sa ulat ng Manila Bulletin (2020), ipinahayag ni Briones, dating kalihim ng DepEd, na hindi mapagkakatiwalaan ang resultang inilabas ng Phil-IRI sapagkat ayon sa kalihim, hindi maaaring gamiting instrumento ang materyal ng Phil-IRI upang tayahin ang malaking bilang ng populasyon ng mga mag-aaral at angkop lamang ito para sa mga bilang na may maliit na populasyon tulad ng isang silid-aralan.

Dagdag pa rito, binanggit din ng Kagawaran ng Edukasyon na hindi maaaring matukoy ng Phil-IRI ang mga mag-aaral na marunong at hindi marunong bumasa sapagkat ang materyal ay isa lamang kagamitang pampagtataya na tumutukoy sa kaangkupan ng lebel ng pagbasa ng mga mag-aaral sa antas na kanilang kinabibilangan. Bagama't walang nakasaad na pamantayan sa Phil-IRI, hanggang ilang bilang ng populasyon lamang ang kaya nitong sukatin.

Mula sa mga naging pahayag ng kalihim, maaari nitong pasubalian ang mga pananaliksik na nagkaroon ng konklusyong may mababang antas ng kasanayan sa pagbasa ang mga mag-aaral dahil ang malaking bilang ng populasyon na nabanggit sa resulta ng isinagawang pagtataya sa Bicol ay pinagsama-samang bilang mula sa iba't ibang baitang at institusyon.

Isa ang isinagawang pag-aaral ni Cabbuag (2017), sa mga halimbawang pananaliksik na gumamit ng Phil-IRI at nagkaroon ng kongklusyong may mababang antas ng pagbasa ang mga mag-aaral na at nagsagawa ng interbensiyon ang mananaliksik para dito at mula sa naging resulta, natukoy na maraming mga mag-aaral ang nasa antas ng frustrated at instructional na pagbasa.

Samantala, ginamit din sa pananaliksik ni Buenaventura (2018), ang Phil-IRI upang tayahin ang lebel ng pagbasa ng mga mag-aaral sa ikatlong antas. Naglabas ang unang pagtataya ng mababang resulta ng antas ng pagbasa. Non-independent reader o hindi nakapagbabasa nang mag-isa ang anim sa kabuuang sampung mag-aaral at apat sa kanila ay hindi marunong magbasa. Mula rito ay nagsagawa ng interbensyon ang mananaliksik

upang mapataas ang lebel ng pagbasa ng mga mag-aaral.

Dinagdag din ang paggamit ng audiovisual materials sa pagkuha ng panapos na pagtataya sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral, sapagkat naniniwala ang mananaliksik na makatutulong ito sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at batay sa naging resulta, naging mataas ang antas ng pang-unawa sa pagbasa ng anim na mag-aaral at naging frustrated reader o nasa mababang antas ng pagbasa naman ang apat na mag-aaral na nagsimula sa pagiging hindi marunong bumasa.

Pinatunayan ng pananaliksik na ito na hindi sapat ang Phil-IRI bilang materyal na ginagamit sa pagtataya upang sukatin ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral. Isang mahalagang salik upang mapataas ang antas sa pagbasa ng mga mag-aaral ang interes sa pagbasa, at ipinakita ng pag-aaral na isinagawa ni Buenaventura (2018), na ang manwal ng Phil-IRI ay nangangailangan ng pagpapaunlad upang makuha ang interes at hilig ng mga mag-aaral.

Hindi na rin naging kabigla-bigla ang naging resulta ng isinagawang pananaliksik ng Synergia Foundation sa mga mag-aaral mula una hanggang ikaanim na baitang na hindi nabigyan ng reading intervention, 53% ang maituturing na frustrated readers at 23% lamang ang independent readers. Mayroon namang 23% na mga mag-aaral na hindi nakauunawa sa tekstong binabasa at pitong bahagdan naman ang hindi nakababasa ng teksto.

Kaugnay nito, sa pananaliksik na isinagawa nina Luciano et al. (2020), pinatunayang mahalaga ang paggamit ng interbensyon upang mapaunlad ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral. Bagama't ayon sa isinagawang pag-aaral ay hindi naging malinaw kung anong interbensyon ang pinakamainam na gamitin upang lubos na mapataas ang kasanayan sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral. Mula rito, makikitang mahalaga at malaki ang tulong na naibibigay ng interbensyon upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa.

Dagdag pa rito, ayon kina Buckingham et al. (2013), bukod sa pamilya, nakaaapekto rin sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbabasa ang katayuan sa buhay ng mga mag-aaral, partikular ang pangunahing kasanayan sa pagbasa tulad ng pagkilala sa mga ponema, talasalitaan at mga pangungusap sapagkat inaasahang walang materyal na magagamit sa kapaligirang kinabibilangan ng mga mag-aaral tulad ng aklat at kompyuter.

Samantala, mula naman pag-aaral ni Saguitan (2018), napatunayang hindi naging matagumpay ang Phil-IRI sa layunin nitong maging mambabasa ang bawat mag-aaral sapagkat batay sa naging resulta ng pananaliksik ay nagkaroon ng mga isyung kinaharap ang mga guro mula sa iba't ibang paaralan sa Timog Luzon na nagsagawa ng pagtataya sa pagbasa sa mga mag-aaral gamit ang manwal ng Phil-IRI sapagkat ang mga guro ay kumaharap sa sumusunod na isyu: a) nahirapang humanap ng angkop na kuwentong

babasahing gagamitin sa pagtataya ang mga guro kaya't kumuha na lamang ang ilan sa ibang mga aklat. b) Nagkaroon din ng pagbabago ang ilang mga interpretasyon sa orihinal na puntos mula sa isinagawang pagtataya gamit ang manwal ng Phil-IRI. c) Umamin din ang ilan sa mga guro na tahimik na pagbasa lamang ang naisagawang pagtataya at hindi natupad ang nakasaad sa manwal na kailangan ding sumailalim sa malakas na pagbasa at pakikinig nang may pang-unawa ang mga mag-aaral upang maging lubos at tiyak ang magiging resulta ng isasagawang pagtataya.

Ang lahat ng suliraning kinaharap ng mga guro ay dulot ng kakulangan sa oras sa pagsasagawa ng pagtataya at pagkuha ng resulta, kakulangan ng kagamitan/manwal na gagamitin sa pagtataya at ang dami ng bilang ng mga mag-aaral na kukuha ng pagtataya ay nakaapekto rin sa mga guro. Samakatuwid, ipinakikita lamang dito na may kababawan at hindi makatotohanan ang naging konklusyon ng mga pananaliksik na gumamit ng manwal ng Phil-IRI upang tayahin ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral.

Integrasyon ng teknolohiya bilang materyal sa pagbasa

Sa kabilang dako naman, noong Setyembre 2016, ayon sa pananaliksik na isinagawa ni Lopez (2018) sa Canada na may pamagat na "Matuto, Magbasa, Maglaro: Learning to Read Braille Through Play", ang Digital Education for Growth and Every Child's Reading ng "Grand Challenge for Development" isang paraan ito upang masuri ang mga hadlang o balakid sa kasanayan sa pagbasa ng mga batang may kapansanan (sensory disability) sa Pilipinas na nakaaapekto sa pagbabasa at pagkatuto. Natukoy ng nabanggit na "Grand Challenge" ang pangangailangan sa pagpapaunlad sa materyal na ginagamit sa pagbabasa sa pamamagitan ng pag-uugnay ng teknolohiya.

Kaugnay nito, lumabas din sa isinagawang sarbey ng NBDB Readership (2017), na malaki ang itinaas ng bahagdan ng mga kabataang nahihilig sa pagbabasa gamit ang mga e-books at audiobooks. Sa katunayan ay mas malaki pa ang nailalaang oras ng mga mambabasa sa paggamit ng mga elektronikong aklat kumpara sa mga printed na aklat. Mula rito, mapatutunayang malaki ang gampanin ng teknolohiya upang maakit ang mga mag-aaral na maging interesado sa pagbabasa at sa pamamagitan nito ay malaki ang posibilidad na makabubuti ito upang mapataas ang lebel ng pagbasa ng mga mag-aaral.

Lokalisasyon at kontekstwalisasyon sa pagbasa

Mapatutunayan mula sa mga nabanggit na pananaliksik na malaki ang kahalagahan ng pagsasaalang-alang ng interes ng mga mag-aaral upang mapataas ang antas ng pagbasa. Mula rito, ayon sa pag-aaral ni Saberola (2018), makatutulong ang kontekstwalisasyon ng kulturang popular sa bawat aralin at ito'y isang mabisang pamamaraang maaaring gamitin ng mga guro sa pagtuturo. Mula rito ay mapadadali ang pagkatuto ng mga bata sapagkat

madaling makauugnay ang mga mag-aaral sa mga araling tinatalakay.

Kaugnay nito, batay sa pananaliksik nina Pattalitan at Valerio (2016), malaki ang maitutulong ng pagkakaroon ng lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng mga panitikan at teksto. Bukod sa madaling makauugnay ang mambabasa sa mga lokalizado at kontekstuwalisadong teksto, mapananatili, mapangangalagaan at maipakikilala pa nito ang kultura ng isang lugar/barangay. Ang hangarin ng pananaliksik na ito ay mas dumami pa ang naililimbag na mga lokalizado at kontekstuwalisadong panitikan.

Narito ang ilan sa mga katangiang dapat mayroon ng isang tekstong kontekstuwalisado at lokalizado ayon sa artikulo ni Baer (2017), at batay sa RA (10533):

1. Nakauugnay sa karanasan sa buhay;
2. Nakapagpaparanas ng kaalaman sa konteksto ng pagdiskubre, pag-imbento at eksplorasyon;
3. Nailalapat ang mga konsepto sa isang kapaki-pakinabang na konteksto;
4. Nagagamit ang paunang kaalaman ng mga mambabasa;
5. Nailalapat sa lahat ng asignatura;
6. Napakikinabangan ang kagamitang nakikita sa komunidad;
7. Nakukuha ang interes o hilig na makaaakit sa mga mag-aaral at tumatalakay sa mga kasalukuyang isyu
8. Nakabatay sa lokal na pangangailangan; at
9. Nakaugnay sa kurikulum ng mag-aaral.

Ilan lamang sa mga pag-aaral na ito ang nagpapatunay na ang kasalukuyang materyal na ginagamit sa pagsukat sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral ay nangangailangan ng maigting na pagpapaunlad. Dagdag pa ang pagkakaroon ng integrasyon ng teknolohiya sa kagamitang pampagtataya sapagkat ayon sa pananaliksik ni Lopez (2018), ito ay maaaring makatulong upang higit na mapaunlad ang kasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral.

Teoryang Pinagbatayan ng Pag-aaral

Nilalaman ng pananaliksik na ito ang mga kaugnay na pagsusuri ng mga ideya at

pagtalakay sa isinasagawang pag-aaral.

Constructivism learning theory bilang makabagong paraan ng pagkatuto

Nabuo ang teoryang constructivism learning theory sa pangunguna ni Jean Piaget. Taliwas ang teoryang ito sa tradisyunal na paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Pinatutunayan nito na lubos na magiging madali ang pagkatuto kung magkakaroon ito ng kaugnayan sa ideya at karanasan ng tao. Isang halimbawa ang paggamit ng teknolohiya ng guro sa loob ng klase bilang pagpapaunlad sa paraan ng pagtuturo sa mga mag-aaral. Makatutulong ito upang maging lubusang epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Higit na malilinig ang limang makrong kasanayan sa Filipino, kabilang ang pagbasa sa pamamagitan ng constructivism learning theory. Ang pagpapayaman sa Manwal ng Phil-IRI sa tulong ng pagsasalokal at pagsasakonteksto ng mga babasahin (teksto) at ang pagkakaroon ng integrasyon ng teknolohiya rito ay isang paraan upang maipakita ang pagpapaunlad dito.

Pagsasalokal at kontekstwal ayon sa teoryang iskema

Samantala, ayon sa teoryang iskema, (isang teorya sa pagbasa) pinaniniwalaang tila isang blangkong papel ang isipan ng isang tao. Unti-unti itong napupunan ng impormasyon sa pagdaan ng panahon. Pinag-uugnay-ugnay at idinaragdag sa mga dating kaalaman ang mga nakukuhang iba't ibang bagong impormasyon. Batay sa teoryang ito, makatutulong ang pagsasalokal at kontekstwal ng pinaunlad na manwal ng Phil-IRI upang higit na malinang ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sapagkat mula rito ay magagamit ang iskema ng mga mag-aaral sa mga bagong impormasyong makukuha sa mga isinalokal at kontekstwal na tekstong gagamitin sa pinaunlad na manwal na mabubuo ng pananaliksik.

Integrasyon ng teknolohiya sa pagbasa

Ayon sa E-learning Theory na pinangunahan ni David (2012) at Wang (2015), isinaad kung gaano kalaki ang naitutulong ng disenyo at gamit ng teknolohiya sa pagpapaunlad ng kaalaman. Patunay ang teoryang ito na may pangangailangan sa pagkakaroon ng integrasyon ng teknolohiya sa kasalukuyang manwal ng Phil-IRI.

Konseptwal na balangkas

Makikita sa bahaging ito ang naging daloy at proseso ng isinagawang pag-aaral. Magmula sa simula hanggang sa binuong produkto ng pananaliksik, gayundin ang mga pinagbatayang teoryang ginamit sa pananaliksik at ang ebalwasyon.

Ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa Phil-IRI Manwal 2018 na ginagamit ng

Kagawaran ng Edukasyon partikular sa mga pampublikong paaralan mula sa elementarya hanggang sa sekondarya bilang kagamitang pampagtataya sa pagsukat sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral mula baitang tatlo hanggang baitang pito.

Nagsimula ang pananaliksik na ito sa pagsusuri sa nilalaman ng Manwal (2018) ng Phil-IRI. Nakapaloob dito ang pagsusuri sa mga teksto at ang kaangkupan nito sa mga target na mambabasang sumasailalim sa pagtataya, at kung taglay nito ang pagiging lokalizado at kontekstuwalisado.

Bumuo ang mananaliksik ng pinaunlad na manwal ng Phil-IRI mula sa kinalabasang resulta ng pag-aaral. Ito ay nakabatay sa constructivism learning theory na may layuning higit pang malinang ang makrong kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng higit na paglalapit ng isang materyal sa taong gagamit nito. Kinakitaan ng integrasyon ng teknolohiya ang nabuong pinaunlad na manwal. May kaugnayan sa E-learning theory at pag-aaral na isinaad ni Lopez (2018), ang pagkakaroon ng integrasyon ng teknolohiya sa produktong kalalabasan ng pananaliksik, sapagkat naniniwala rin ang mananaliksik na malaki ang gampanin at tulong ng teknolohiya sa pagpapaangat ng antas ng pagbasa (bilis at pang-unawa) ng mga mag-aaral, gayundin ay upang makasabay sa patuloy na pag-usad ng panahon.

Kabilang din sa makikitang kaunlaran nito ay ang nilalaman ng teksto. Ito ay nakabatay sa teoryang iskema na naniniwalang malaki ang maitutulong ng mga dating kaalaman sa mga bagong impormasyong matututuhan ng mga mag-aaral kung ito ay may kaugnayan sa isa't isa. Tiniyak ang pagbabago sa mga teksto, partikular ang pagiging lokalizado at kontekstuwalisado nito sapagkat batay sa Implementing Rules and Regulations of the Enhanced Basic Education Act of 2013, Seksyon 10.2 nakasaad na ang mga lokalizado at kontekstuwalisadong mga kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto ay kailangang higit lalo sa K-12 kurikulum upang maging akma sa kalagayan at kaligiran ng mga mag-aaral.

Sinikap din ng nabuong pinaunlad na kagamitang pampagtataya na tugunan ang lahat ng mga naging negatibong resultang lumabas sa naging pagsusuri ng kasalukuyang manwal na ginagamit bilang panukat sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral. Para sa kapakinabangan ng mga mag-aaral na gagamit nito at ng mga gurong magsasagawa ng implementasyon nito, ang nabuong produkto ng pag-aaral na ito.

Dumaan sa balidasyon ang pinaunlad na Manwal ng Phil-IRI matapos itong mabuo. Ito ay unang sinubok sa Hulo Integrated School na naging pilot sa paggamit ng pinaunlad na Manwal ng Phil-IRI (e-Panday-Basa). Bukod dito, dumaan din ang nabuong pinaunlad na manwal sa balidasyon ng mga eksperto o website developer nang sa gayon ay matiyak ang pagiging epektibo nito bilang isang website. Mula rito, muling sinuri at pinatunayan

ang pagiging epektibo nito bilang bagong kagamitang pampagtataya sa pagsukat sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa sekondarya.




Figura 1. Balangkas ng pag-aaral

Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang mananaliksik ng deskriptibong sarbey na pananaliksik na paraan (survey research design) ng pag-aaral. Ayon sa aklat nina Bertis (2009), ang pamaraang palarawan ay may layuning mailarawan ang mga bagay-bagay na may kaugnayan sa paksa sa pananaliksik. Ang kaangkupan ng pamamaraang ito ang pangunahing dahilan sa pagkapili nito.

Kinapapalooban ang pag-aaral na ito ng 51 kabuuang bilang ng mga kalahok. Siyam dito ay mga guro sa ikapitong baitang na nagsasagawa ng implementasyon ng Phil-IRI. Kabilang dito ang mga gurong tagapayo ng bawat seksyon sa baitang pito (kahit hindi guro o nagtuturo ng wika - English at Filipino) mula sa Hulo Integrated School, dahil naniniwala ang mananaliksik na ang pagkakaroon ng karanasan sa implementasyon ng Phil-IRI ay sapat na batayan upang mapatunayan na ang mga napiling kalahok ay may nalalaman sa paksa ng isinagawang pag-aaral.

Ang limang kalahok ay nanggaling sa administrasyon ng paaralan, ang lima ay mula

naman sa mga magulang at mga mag-aaral sa ikapitong baitang ang 32 kalahok na sasagot sa inihandang tanong ng mananaliksik sa paraang panayam at ito ang nagsilbing batayan ng mga datos upang masuri ang manwal ng Phil-IRI nang sa gayon ay maging angkop ang pagkakabuo ng pinaunlad na Manwal ng Phil-IRI na material na ginagamit upang masukat ang antas ng pagbasa.

Mga kalahok ng pag-aaral

Sa pagsusuri ng manwal, ginamit ng mananaliksik ang paraang "Purposive Sampling Technique" sa pagpili ng mga kalahok. Nakabatay sa layunin ng mananaliksik ang pagpili ng mga kalahok. Mga gurong tagapayo/may danas sa implementasyon ng Phil-IRI mula sa baitang pito ang pangunahing layuning kalahok ng mananaliksik kaya naman kabilang dito maging ang mga gurong hindi nagtuturo ng wika (English at Filipino), limang kalahok mula sa administrasyon ng paaralan, at limang magulang ang pangunahing mga kalahok ng isinagawang pag-aaral. Samantala, "Random Sampling Technique" naman ang ginamit upang makuha ang bilang ng mga kalahok na mag-aaral. Mayroong kabuuang bilang na 320 ang mga mag-aaral sa baitang pito ng Hulo Integrated School. Mula sa margin of error nitong 10%, 32 rito ang magiging kalahok sa pananaliksik.

Gayundin, nagdagdag ang mananaliksik ng limang eksperto/web developer bukod sa mga nabanggit na kalahok sa itaas upang tayahin ang pagiging epektibo ng nabuong website ng pag-aaral na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga talatanungan.

Mga instrumento

Gumamit ang mananaliksik ng sariling gawang instrumentong nakabatay sa katangian ng pagiging lokalizado at kontekstuwalisado ng teksto, samantalang ang talatanungang ginamit upang mabalideyt ang nabuong produkto (website) ay halaw mula sa Multidimensional Structure of the Website Evaluation Questionnaire for Governmental Websites. Binuo ng apat na pangunahing bilang ng katanungan ang talatanungan na sinagutan sa pamamagitan ng tseklist at panayam. Ang tatlong pangunahing tanong ay para sa mga kalahok na guro, mag-aaral, at administrasyon ng paaralan. Samantala, para naman sa mga eksperto/web developer ang huling bahagi ng talatanungan. Nakatuon ang mga tanong sa mga tekstong ginamit at sa balidasyon sa pinaunlad na manwal ng Phil-IRI. Pinagtibay at isinailalim din sa pagsusuring *Cronbach's Alpha* ang ang instrumentong ginamit upang matiyak ang *internal consistency* nito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng konsultasyon sa tagapayo ng mananaliksik at pag-evaluate dito ng mga eksperto partikular sa Information and Communication Technology (ICT) mula sa isang propesor sa Taguig City University; eksperto sa wika/Filipino at larangan ng pagbasa mula sa isang Propesor sa Rizal Technological University at Pangalawang Punongguro ng Hulo Integrated School na unang sumubok sa pagsagot ng talatanungang ginamit bilang instrumento ng pananaliksik.

Ang talatanungan ay dumaan din sa

Pag-aanalisa ng datos

Nakapaloob sa bahaging ito ang mga proseso sa pagkalap ng mga datos. Mula sa Panimulang Pagtataya hanggang sa Pagbuo at Balidasyon.

Panimulang pagtataya

Kinalap ang mga impormasyong kinakailangan ng pananaliksik sa tulong ng pagpapasagot sa inihandang talatanungan ng mananaliksik sa paraang panayam sa mga kalahok.

Binubuo ng 11 guro ang baitang pito ng Hulo Integrated School. Siyam rito ay mga tagapayo. Samakatuwid, batay sa metodong ginamit sa pagkuha ng bilang ng mga kalahok, siyam lamang sa 11 guro ang naging kalahok.

Ginamit ng mananaliksik ang panayam na paraan sa pagkuha ng datos. Ginanap ito sa paraang isa-isang panayam sa libreng oras ng mga guro at administrasyon ng paaralan, samantalang focus group discussion naman sa mga mag-aaral at magulang. Binigyan din ng kaunting oryentasyon ang mga kalahok hinggil sa ginagamit na Manwal ng Phil-IRI bilang kagamitang pampagtataya sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinaliwanag din ng mananaliksik ang ilan sa mga terminong maaaring makapagpalito sa mga kalahok upang maging madali, malinaw at tiyak ang pagsagot sa mga katanungan. Siniguro din ng mananaliksik na naging kumpidensyal ang mga nakuhang datos at ginamit ang mga ito sa isinagawang pananaliksik.

Pagbuo ng manwal

Masusing sinuri at inilahad ng mananaliksik ang mga nalikom na datos upang masagot ang mga suliranin sa pananaliksik na ito sa pamamagitan ng documentary analysis na binigyang-pagpapakahulugan ni Bowen (2009), na isang uri ng kwalitatibong pananaliksik na ang mga dokumento at datos ay bibigyang interpretasyon ng mananaliksik upang magbigay ng pakahulugan tungkol sa isang paksa. Mula rito, inisa-isa ng mananaliksik ang mga kasagutan batay sa isinagawang panayam sa mga kalahok at saka inanalisa ang mga kinailangang datos. Sinuma rin ang mode ng bawat aytem upang matiyak ang pinakaangkop na kasagutang pipiliin ng nakararaming kalahok at upang maging sigurado ang nabuong konklusyon sa pananaliksik na ito.

Pinagbatayan ang mga ito matapos masuri at malikom ang mga datos mula sa

panayam sa mga kalahok upang mabuo ang isang pinaunlad na manwal ng Phil-IRI na kagamitang pampagtataya sa antas ng pagbasa na tinawag na “e-Panday-Basa”. Makatutulong ang website na ito upang mabigyang-solusyon ang mga suliraning kinaharap ng mga guro at mag-aaral sa kasalukuyang manwal na ginagamit ng mga paaralan.

Balidasyon

Upang mapatunayan ang kaangkupan ng nabuong materyal ay isinagawa ang sumusunod balidasyon ng nabuong website:

1) Pinangunahan ng mga kalahok na guro ang paggamit ng nabuong website (e-Panday-Basa) sa pamamagitan ng pagkuha ng antas ng pagbasa ng mga mag-aaral (kalahating bilang ng populasyon ng baitang pito ang gumamit nito).

2) Samantala, ang naiwang kalahating populasyon ng mga mag-aaral ay nanatili sa paggamit ng tradisyonal na manwal ng Phil-IRI.

3) Pinaghambing at sinuri ang naging resulta ng pagtataya mula rito. Gayundin ang prosesong pinagdaanan ng mga guro sa pagkuha ng resulta gamit ang tradisyonal na manwal at ang nabuong website (e-Panday-Basa).

Dagdag pa rito, nagsagawa rin ang mananaliksik ng balidasyon para sa kabuuang gamit at pagiging epektibo ng e-Panday-Basa bilang website. Tiniyak na taglay ng website ang sumusunod na kategorya upang matiyak na ito ay isang epektibo at ligtas na website:

- a. Madaling gamitin
- b. May maayos at kaaya-ayang disenyo
- c. Nakamit ang layon ng website
- d. Mapagkakatiwalaan
- e. Ito ay updated

Nagpatunay ang naging resulta ng pagsusuring ito sa kaangkupan at kahalagahan ng nabuong materyal bilang kagamitang pampagtataya sa lebel ng pagbasa ng mga mag-aaral.

Pagsusuri batay sa nilalaman (Teksto)

Ang nilalaman o ang uri ng tekstong ginagamit dito ay isa sa mga

pinakamahalagang salik ng pagtataya sa pagbasa. Ayon kina Pattalitan at Valerio (2016), malaki ang maitutulong ng pagkakaroon ng lokalisasyon at kontekstwalisasyon sa mga panitikan at teksto. Kaya naman inisa-isa ng mananaliksik ang mga katangiang dapat matamo ng isang teksto batay sa isinagawang pag-aaral ni Baer (2017), at batay na rin sa RA (10533) upang masabing ito ay lokalisado at kontekstuwalisado.

Talahanayan 1

Kabuoang Interpretasyon sa Nilalaman (Teksto) ng Phil-IRI Batay sa Mode ng mga Kalahok

Mga Kalahok	Mode	Interpretasyon
Guro	1	Hindi Sang-ayon
Administrasyon ng Paaralan	1	Hindi Sang-ayon
Magulang	2	May Kakulangan
Mag-aaral	1 at 2	Hindi Sang-ayon at May Kakulangan
Kabuoang Mode	1	Hindi Sang-ayon

Naging makahulugan at magkakaugnay ang mga tugon ng mga kalahok. Dagdag pa rito ang ilang mga mahahalagang impormasyon hinggil sa pagkakaroon ng kakulangan ng lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng mga ginamit na teksto sa Manwal ng Phil-IRI ayon sa isinagawang panayam at Focus Group Discussion:

a. Malayo sa komunidad na kinabibilangan ng mga mag-aaral ang ilan sa nilalaman ng teksto sa kasalukuyang manwal, tulad na lamang ng paggamit ng loro sa isa sa mga teksto rito. Hindi na pamilyar sa uri ng hayop na ito ang karamihan sa mga mag-aaral dahil hindi ito nakikita sa komunidad na kinabibilangan ng mga mag-aaral idagdag pa ang ilang mga tekstong nagkukuwento hinggil sa mga pag-aararo, pagsasaka at pag-aalaga ng mga hayop.

b. Ang antas ng mga tanong ay naaangkop sa antas na kinabibilangan ng mga mag-aaral. Nabanggit din ng ilan sa mga kalahok na angkop ang itinuturo sa klase, partikular sa Filipino, sa nilalaman ng manwal at makatutulong ito upang higit na mapataas ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral, kung kaya't maraming sumang-ayon sa kategoryang ito. Magandang resulta ito para sa kasalukuyang manwal dahil nangangahulugan lamang ito na tumutugma sa kasalukuyang pinag-aaralan ang nilalaman ng manwal.

c. Dagdag pa rito, mapatutunayan mula sa mga datos na nakalap at ang resulta ng mode na malayo sa personal na karanasan ng mga mambabasa/mag-aaral ang nilalaman ng mga tekstong ginagamit sa kasalukuyang Manwal ng Phil- IRI dulot ng sumusunod na dahilan:

1. Hindi makatotohanan ang nilalaman ng teksto;
2. Masyadong malayo sa personal na karanasan ng mga mag-aaral ang mga tekstong ginamit para sa baitang pito bagamat nagtuturo ito ng bagong kaalaman;
3. Naging limitado ang mga tekstong ginamit. Ayon sa ilang mga kalahok, nagbigay tuon sa mga alagang hayop ang mga tekstong ginamit sa elementarya at ang nasa baitang pito naman ay nagpokus sa kasaysayan.
- d. Ang pagkakaroon ng integrasyon ng iba pang mga asignatura sa paksang itinuturo at pinag-aaralan ng mga mag-aaral ay isa sa mga kategoryang hinahanap sa pagtuturo ng mga guro sa loob ng klase. Layunin nitong higit na mapalalim ang kaalaman ng mga mag-aaral sa bawat asignatura at maisakatuparan nito ang paglalapat ng mga natutuhan sa loob ng paaralan sa tunay na buhay na ginagalawan ng mga mag-aaral. At batay sa naging tugon ng mga kalahok, malayo sa realidad ng buhay ang nilalaman ng mga tekstong ginamit sa manwal ng Phil-IRI.

Mapatutunayang may malaking kakulangan ang kasalukuyang Manwal ng Phil-IRI hinggil sa pagkakaroon ng kaugnayan nito sa iba't ibang asignaturang pinag-aaralan ng mga mag-aaral mula sa mga datos na nakalap. Bukod sa mga araling pangwika (Filipino at English), Araling Panlipunan lamang ang asignaturang kakikitaan ng integrasyon dito. Magiging malaking tulong ang pagtatayang isasagawa kung mabibigyan din ng pagkakataon ang iba pang mga asignaturang mailapat sa pamamagitan ng mga tekstong gagamitin sa isasagawang pagtataya. Hindi lamang antas ng pagbasa ang mapauunlad kundi maging ang iba pang asignatura gayudina ay maiuugnay ito sa dating kaalaman o iskema ng mga mag-aaral sa ibang aralin.

- e. Hindi makatotohanan ang mga pangyayari. Bagama't nagtuturo ang ilan ng mga kabutihang asal, may ilang mga mag-aaral ang nagsabing kung ilalagay ang sarili sa sitwasyon ay hindi ganoon ang magiging reaksyon sa ibinigay na pangyayari.

Naniniwala ang mga kalahok na malaki ang maitutulong ng pagiging magkaugnay ng tekstong binabasa sa komunidad na kinabibilangan ng mga mag-aaral. Lalo pa sa mga tekstong ginagamit sa isang pagtataya, nang sa gayon ay maging mataas ang iskor na makukuha ng mga mag-aaral at mula sa mga datos na nakalap, mahihinuhang bagama't may ilang mga positibong katangian ang nilalaman ng teksto, nangingibabaw pa rin ang pagkakaroon nito ng pangangailangan upang paunlarin upang higit na mapataas ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral.

Pagpapaunlad ng Manwal ng Phil-IRI Gamit ang Website na Nakatuon sa Kontekstuwalisado at Lokalisadong Teksto

Talahanayan 2

Pagpapaunlad ng Manwal ng Phil-IRI Batay sa Resulta ng Pagsusuri

Kahinaan ng Phil-IRI	Kalakasan ng Phil-IRI	Tugon ng Nabuong Website
Kaugnayan ng teksto sa komunidad na kinabibilangan ng mag-aaral	Kaugnayan ng teksto sa kasalukuyang kurikulum na ipinatutupad ng paaralan	Pagkakaroon ng kaugnayan ng teksto sa komunidad na kinabibilangan ng mag-aaral
Kaugnayan ng teksto sa makatotohanang sitwasyon o karanasan sa buhay ng mga mag-aaral (eksplorasyon, pagtuklas at pag-imbento)	Pagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na makabuo ng solusyon sa isang suliranin	Pagkakaroon ng kaugnayan ng teksto sa kasalukuyang kurikulum na ipinatutupad ng paaralan
Kaugnayan ng teksto sa iskema o dating kaalaman ng mga mag-aaral		Pagkakaroon ng kaugnayan ng teksto sa makatotohanang sitwasyon o karanasan sa buhay ng mga mag-aaral (eksplorasyon, pagtuklas at pag-imbento)
Gamit ng nilalaman ng teksto sa lahat ng asignatura		Pagkakaroon ng kaugnayan ng teksto sa iskema o dating kaalaman ng mga mag-aaral
Kapakinabangan ng mga kagamitang nakikita sa komunidad		Nagagamit ang nilalaman ng teksto sa lahat ng asignatura
Kaugnayan ng teksto sa interes, mga isyu at		Napakikinabangan ang mga kagamitang nakikita sa komunidad

pangangailangan ng mga
mag- aaral

Pagkakaroon ng
kaugnayan ng teksto sa
interes, mga isyu at
pangangailangan ng mga
mag- aaral

Nakapagbibigay ng
pagkakataon sa
mag-aaaral na makabuo
ng solusyon sa isang
suliranin

Makikita sa Talahanayan 2 ang naging kahinaan at kalakasan ng manwal ng Phil- IRI batay sa nalikom na datos mula sa mga kalahok. Nagpakita ng malaking pangangailangan sa kaunlaran ang manwal batay sa naging resulta ng mga nakalap na datos. Mula rito, sinikap ng mananaliksik na matugunan ang mga kahinaan at mapanatili ang mga kalakasan sa pinaunlad na manwal bilang isang website.

Dagdag pa rito, humingi rin ang mananaliksik ng mga mungkahing lokalizado at kontekstuwalisadong teksto sa mga kalahok para sa kaunlaran ng website, bagama't hindi naging madali ang pagkalap ng datos sa bahaging ito sapagkat naging limitado ang kaalaman ng mga kalahok sa mga lokalizado at kontekstuwalisadong teksto. Gayunpaman, ang mga nalikom na datos sa paraang panayam ay ibinuod ng mananaliksik. Hindi naging ispesipiko ang naging mungkahing teksto ng mga kalahok ngunit nagbigay ang mga kalahok ng ilang mga katangiang dapat taglayin ng isang lokalizado at kontekstuwalisadong teksto:

1. Ang mga kuwento ay mas mainam na pumapaksa sa pang-araw-araw na buhay ng mga mag-aaral;
2. Kinakailangang pamilyar sa mga mag-aaral ang nilalaman ng mga teksto;
3. Kung gagamit ng mga alamat sa teksto ay hinihikayat ang pagpapakilala sa mga pinagmulang lugar na kinabibilangan ng mga mag-aaral;
4. Kung pabula naman ang kuwento ay gumamit ng mga hayop na pamilyar sa mga mag-aaral nang sa gayon ay nabubuo sa isipan ng mga mambabasa ang larawan ng daloy ng kuwento o pangyayari sa binabasang teksto at panghuli;

5. Mainam ding idagdag sa mga babasahing teksto ang mga akdang tinatalakay sa loob ng silid-aralan. Makatutulong ito hindi lamang upang mapataas ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa isinasagawang pagtataya kundi maging ang kaalaman nito sa loob ng talakayan sa klase.

Mula sa mga nabanggit na katangian ng mga kalahok ay ginamit ng mananaliksik ang sumusunod na akda bilang halimbawang tekstong lalamanin ng pinaunlad na manwal ng Phil-IRI:

- a. Alamat ng Mandaluyong
- b. Si Rizal at Si Bonifacio ni Ernesto J. Laput
- c. Barumbarong ni Virgilio Almario
- d. Pulubi ni Virgilio Almario
- e. Ang Dating ng Sirena nina Mariane Ortiz et al.

Hindi limitado ang pagdagdag, pagbabawas o pagbabago ng mga teksto. Ang mga halimbawang nabanggit ay ginamit na akda upang masuri ang kabisaan ng pinaunlad na manwal bilang website.

Pagbabalideyt ng mungkahing manwal

Nakatuon ang bahaging ito sa balidasyon ng nabuong website. Dumaan sa dalawang bahagi ang balidasyon. Nilahukan ang unang bahagi ng mga gurong nagsasagawa ng implementasyon ng kasalukuyang Phil-IRI sa sekondarya, mga magulang, administrasyon ng paaralan at mga piling mag-aaral mula sa baitang pito ng Hulo Integrated School. Ang sumunod na bahagi naman ay nilahukan ng mga eksperto o web developer mula sa IT Group Inc. Sa unang bahagi ay ginamit ng mananaliksik ang sariling likhang talatanungan at ginamit naman ng mananaliksik ang talatanungang hango sa Multidimensional Structure of the Website Evaluation Questionnaire for Governmental Websites para sa ikalawang bahagi. Ang mga talatanungan ay dumaan din sa balidasyon ng mga eksperto. (Makikita ang mga ito sa bahagi ng apendise).

Unang bahagi. Pagbabalideyt ng nilalaman o tekstong ginamit sa website. Upang matiyak ang magiging kasagutan ng mga kalahok ay sumailalim sa pagsubok o try-out ang website na isinagawa sa ICT Room ng Paaralan. Sumailalim sa pagtataya ang mga piling mag-aaral gamit ang Panday-Basa sa ilalim ng pamamatnubay ng mga guro at ng mananaliksik. Ang mga kalahok mula sa administrasyon ng paaralan ay naroon din upang tunguhan ang isinagawang pagtataya.

Nagsimula ang try-out sa paggawa o pag-register ng mga guro ng account ng mga mag-aaral. Matapos ito, nag-log in na ang mga mag-aaral sa kanya-kanyang kompyuter. Malayang nakapili ng mga teksto ang mga mag-aaral. Nagsimula na ang tahimik na pagbasa. Paisa-isang nagsimula sa pagsagot ang mga mag-aaral ng mga katanungan at pagkatapos nito ay isinumite na nila ang kasagutan. Parehong proseso ang nangyari para sa panapos na pagtataya.

Samantala, isa-isa namang mag-aaral ang nagpunta sa mga gurong kalahok sa isinagawang pag-aaral na nakatalaga sa pamamahala ng isinagawang try-out ng website upang maisagawa naman ang pagtataya para sa malakas na pagbasa. Isa-isang inilagay ng guro ang bilang ng mga kamalian sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Matapos ang dalawang pagtataya (tahimik at malakas na pagbasa), kaagad ding lumabas ang resulta ng isinagawang pagtataya. Binigyan din ng kopya ng resulta ang mga mag-aaral upang maipakita sa kanilang mga magulang.

Mula sa isinagawang try-out ay nagsagawa ng ebalwasyon ang mananaliksik upang matiyak ang pagiging lokalizado at kontekstuwalisado ng mga ginamit na teksto sa isinagawang pagtataya.

Ikalawang bahagi. Pagbabalideyt sa Panday-Basa bilang isang website. Sa kabilang bahagi naman ng balidasyon, ang mananaliksik ay nagkaroon din ng focus group discussion sa mga web developer mula sa IT Group Inc. upang ipakita ang nabuong website. Ipinaliwanag ng mananaliksik ang gampanin ng website at malaya itong ipinasuri sa mga eksperto.

Mula rito ay napatunayang taglay ng e-Panday-Basa bilang website ang sumusunod:

1. Kadalihan sa Paggamit ng Panday-Basa Bilang Website
2. May Maayos at May Kaaya-ayang Disenyo ang Panday-Basa Bilang Website
3. Madaling Matukoy Ang Layon ng Panday-Basa Bilang Website
4. Mapagkakatiwalaan ang Panday-Basa Bilang Website
5. Updated ang Panday-Basa Bilang Website

Mula sa mga datos na nakalap ay napatunayang angkop, kapaki-pakinabang at kakikitaan ng lokalisasyon at kontekstwalisasyon ang mga nakalagay na teksto sa pinaunlad na Manwal ng Phil-IRI o ang website ng Panday-Basa. (Makikita ang kabuuan ng e-Panday-Basa sa bahagi ng apendise).

Talahanayan 3

Buod ng Datos ng Ebalwasyon ng e-Panday-Basa

Mga Kalahok	Mode	Interpretasyon
Guro	4	Lubos na Sumasang-ayon
Administrasyon ng Paaralan	4	Lubos na Sumasang-ayon
Magulang	4	Lubos na Sumasang-ayon
Mag-aaral	4	Lubos na Sumasang-ayon
Kabuuang Mode	4	Lubos na Sumasang-ayon

Sa kabuuan ng mga nakalap na datos ay napatunayan nito ang pagkakaroon ng pangangailangan sa pagpapaunlad ng manwal ng Phil-IRI, gayundin ay naging maganda ang kinalabasang resulta ng nabuong mungkahing manwal ng Phil-IRI o ang e-Panday-Basa website matapos ang isinagawang ebalwasyon dito.

Etikal na pagsasaalang-alang

Tiniyak ng mananaliksik na binigyang-pahintulot ng pamunuan ng Hulo Integrated School at ng Division Office ng Mandaluyong ang pag-aaral na isinagawa upang makapangalap ng mga kinakailangang datos mula sa mga guro. Siniguro din ang pagiging kumpidensyal ng mga nakuhang impormasyon mula rito. Hindi rin ilalabas ng pag-aaral na ito ang pananatilihin ang pagiging pribado ng mga subhetibong pagkakakilanlan ng mga kalahok na sumagot sa panayam. Ginamit lamang sa pananaliksik na ito ang lahat ng mga nakalap na impormasyon.

Gumawa rin ng liham ang mananaliksik na humihingi ng pahintulot sa paglahok ng mga guro, administrasyon ng paaralan at mga magulang bilang mga kalahok sa isinagawang pananaliksik. Magiging katibayan ito na ang bawat kalahok na lumagda ay nagbigay ng permiso upang maging kalahok ng naturang pananaliksik.

Sinigurong ang naging resulta ng pag-aaral na ito ay magagamit sa Hulo Integrated School para sa kapakinabangan ng mga gurong nagsasagawa ng implementasyon ng Phil-IRI na ilan sa mga naging kalahok ng pananaliksik at higit sa lahat ay para sa mga mag-aaral. Maaari din itong gamitin o gawing batayan ng iba pang mga paaralan sa lungsod ng Mandaluyong at ng iba pang mga lungsod sa NCR sapagkat ang nilalamang teksto ng website ay naaangkop para sa mga mag-aaral ng buong NCR upang higit ding malinang ang antas ng pagbasa sa iba't ibang paaralan.

Mga Resulta at Talakayan

Batay sa mga nakalap na datos, dito makikita ang buod ng mga resulta mula sa naging interpretasyon ng mga naging tugon ng mga naging kalahok ng pag-aaral na ito.

Magkakaugnay ang naging tugon ng mga kalahok na guro, administrasyon ng paaralan, mag-aaral at mga magulang pagdating sa nilalaman ng (teksto) ng Phil-IRI. Mula sa mode nitong 2 na nangangahulugang may kakulangan sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ang mga ginamit na teksto sa loob ng manwal ng Phil-IRI 2018. Ilan sa mga dahilang nabanggit mula sa isinagawang FGD ay ang sumusunod: a) Malayo sa komunidad na kinabibilangan ng mga mag-aaral ang ilan sa nilalaman ng teksto sa kasalukuyang manwal; b) malayo sa personal na karanasan ng mga mambabasa/mag-aaral ang nilalaman ng mga tekstong ginagamit; c) malayo sa realidad ng buhay ang nilalaman ng mga tekstong ginamit; at d) hindi makatotohanan ang mga pangyayari.

Sa isinagawang Focus Group Discussion (FGD), inisa-isa at inihanay ng mananaliksik ang mga naging tugon ng mga guro, magulang, at mag-aaral upang matukoy ang magkakatulad na pananaw at pangunahing temang lumitaw hinggil sa kasalukuyang nilalaman ng Phil-IRI. Ginamit ang documentary analysis at interpretasyon ng mga tugon upang “mapagtagni-tagni” ang mga datos mula sa iba’t ibang kalahok.

Lumabas sa pagsusuri na magkakatugma ang pananaw ng mga kalahok tungkol sa kakulangan ng lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng mga tekstong ginagamit sa Phil-IRI. Binigyang-diin ng mga magulang na mas mainam na gumamit ng mga kuwentong malapit sa pang-araw-araw na karanasan, komunidad, at interes ng mga mag-aaral upang higit nilang maunawaan ang binabasang teksto.

Ang direktang karanasan, kapaligiran, at kulturang kinagagalawan ng mga mag-aaral ay isa sa naging pinakamahalagang naging batayan sa pagpili ng mga tekstong ginamit sa e-Panday-Basa. Ang mga akdang may kaugnayan sa lokal na komunidad, pamilyar na sitwasyon, at makatotohanang karanasan ng mga mag-aaral.

Matapos matukoy ang kakulangan ng nilalaman (teksto) ng Phil-IRI pagdating sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ay bumuo naman ang mananaliksik ng isang website (e-Panday-Basa) bilang mungkahing kagamitang pampagtataya sa antas ng pagbasa, Isa-isang tinugunan ng e-Panday-Basa ang lahat ng kakulangang lumabas sa pagsusuri ng kasalukuyang manwal ng Phil-IRI, Isinaalang-alang sa pagbuo ng e-Panday-Basa ang interes ng mga mag-aaral, pagkakaroon ng integrasyon ng ICT, ang mabilisang proseso sa pagkuha ng resulta, pagbibigay ng higit na makatotohanang resulta, at pagiging lokalizado at kontekstwalizado ng mga teksto.

Mula sa isinagawang balidasyon ng website makikitang naging magkakatugma ang naging tugon ng mga kalahok na guro, administrasyon ng paaralan at mga eksperto o web developer, nakakakuha ng kabuuang 4 na mode ang isinagawang balidasyon na nangangahulugang lubos na sumasang-ayon ang mga kalahok sa kahusayang ipinamalas ng nabuong website mula sa nilalaman nito hanggang sa pagiging isang ganap na website.

Ang pinaunlad na manwal ng Phil-IRI bilang isang website

Kung babalikan ang resulta sa talahanayan 1 ay makikitang magkakatugma ang naging kasagutan ng mga kalahok pagdating sa nilalaman ng Phil-IRI nangangahulugan lamang ito na tumugon ng pagsang-ayon ang lahat ng mga kalahok hinggil sa pagkakaroon ng pangangailangan sa rebisyon at pagpapaunlad ang kasalukuyang Manwal ng Phil-IRI dulot na rin ng mga suliranin pagdating sa nilalaman nito o mga teksto.




Figura 2. Interes ng mag-aaral

Makikita sa pigura 2 ang pabalat o ang home page ng nabuong website. Naisaalang-alang dito ang interes ng mag-aaral sa pamamagitan ng paglipat ng tradisyonal na papel sa isang website. Ang panday-basa ay pinaikling termino para sa “Pagpapanday sa Kasanayan sa Pagbabasa.” Makikita rin ang icon ng login at register sa panimulang bahagi ng website. Natitiyak ng mananaliksik na magiging madali para sa mga mag-aaral ang paggamit nito dahil hindi rin nilayo ang disenyo sa mga social media na pangkaraniwang ginagamit ng mga mag-aaral.

Higit na mapagkakatiwalaang resulta ng pagtataya




Figura 3. Mabilis na proseso ng pagkalkula ng resulta

Isa sa mga naging suliranin ng Manwal ng Phil-IRI ay ang pagkakaroon ng manipulasyon sa resulta ng pagtataya, kaya naman sinikap din ng mananaliksik na mabigyang-solusyon ang isyung ito. Makikita sa pigura 3 ang isang halimbawang resulta matapos maisagawa ang pagtataya. Awtomatikong kakalkulahin ng website ang lebel ng pagbasa ng mga mag-aaral na sumalang sa pagsusulit. Maaari ding makuha kaagad ang resulta pagkatapos mismo ng isinagawang pagtataya. Hinango mula sa manwal ng Phil-IRI ang pormulang ginamit dito.

Makikita sa bahaging ito ng website ang tatlong pagtatayang isinagawa at ang resulta o antas ng pagbasa ng mag-aaral. Maaari itong i-print upang mabigyan ng kopya ang mga mag-aaral o kaya naman ay i-send sa kanilang email.

Pagtiyak sa seguridad at poteksiyon ng datos

Dahil ang nabuong mungkahi ay isang website, tiniyak ng mananaliksik na mapananatili nito ang seguridad ng mga datos na kinakailangan bilang tugon sa *Data Privacy Act of 2012*. Ang sumusunod ay mga hakbang na ginamit upang mapanitili ang kaligtasan ng mga impormasyong papasok sa website:

1. *Encryption* (Pag-encode) gamit ang HTTPS

Gumagamit ang *website* ng *SSL/TLS certificate* para *i-encrypt* ang datos sa pagitan ng *browser* at ng *server*.

2. *Hashing* (Pagbabago) ng *Password*

Hindi direktang iniimbak ang *password* sa *database*. Sa halip, ginagawan ito ng *hash* gamit ang mga *algorithms* tulad ng *bcrypt*, *Argon2*, o *PBKDF2*. Samakatuwid, tuwing magla-login, ang ipinasok na *password* ay susuriin at ikukumpara sa nakaimbak na *hash*.

3. *Salting* (Pagdaragdag) ng Datos

Nadagdag ng *random* na datos (*salt*) sa bawat *password* bago *i-hash* upang kahit magkapareho ang *password* ng dalawang *user* ay magkaiba pa rin ang magiging *hash* nito.

4. *Session Management*

Gumagamit ng *secure*, *HTTP-only* at *SameSite cookies* para sa *session tokens* ang e-panday-basa website. Mula rito ay awtomatikong nala-log out ang *account* pagkatapos ng panahon ng *inactivity*.

Kongklusyon

Matapos ang masusing pananaliksik, pagsusuri at pagbuo ng e-Panday-Basa, narito ang konklusyong nabuo batay sa kinalabasan ng pag-aaral: 1. Batay sa naging resulta ng isinagawang sarbey at FGD, napatunayang limitado at hindi nagtataglay ng lokalisasyon at kontekstwalisasyon ang mga tekstong ginamit sa Manwal ng Phil-IRI 2018; 2. Napatunayang nakaaapekto ang mga uri ng tekstong ginagamit sa pagpapataas ng antas ng pagbasa ng mga mag-aaral; 3. Napatunayang may katotohanan ang resulta ng pananaliksik ni Lopez (2018) na malaki ang gampanin ng integrasyon ng teknolohiya upang makatulong sa pagpataas ng antas ng pagbasa ng mga mag-aaral; 4. Napatunayan sa isinagawang try-out na epektibo ang naabuong website (e-Panday-Basa) bilang kagamitang pampagtataya sa antas ng pagbasa at batay sa isinagawang ebalwasyon ay napatunayang taglay ng e-Panday-Basa ang mga kinakailangang salik para sa isang mahusay at mapagkakatiwalaang website; 5. Napatunayan din sa isinagawang pag-aaral na naging kalakasan ng nabuong website ang kadalian nitong gamitin, hindi pagiging limitado sa mga gagamiting teksto, ang pagkakaroon ng integrasyon ng ICT, pagbibigay ng higit na makatotohanang resulta at ang pagiging bukas nito para sa ilan pang mga pagbabago o update.

Mga Rekomendasyon

Batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral, narito ang ilang mga rekomendasyon upang mapabuti ang mga susunod pang pananaliksik na may kaugnayan sa paksa ng pag-aaral:

1. Iminumungkahing gamitin ang nabuong produkto ng pananaliksik na e-Panday-Basa sa iba pang mga paaralan upang sukatin ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa JHS upang matiyak ang kabisaan nito bilang kagamitang pampagtataya; 2. Iminumungkahing magsaliksik o bumuo pa ng mga tekstong maaaring idagdag sa e-Panday-Basa na may pagsasaalang-alang sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng mga teksto upang maidagdag sa nilalaman ng nabuong website; 3. Iminumungkahi ring maging konsistent na paggamit ng e-Panday-Basa website upang makita ang pag-unlad ng antas ng pagbasa ng mga mag-aaral mula baiting pito hanggang sampu, gayundin ang paglalaan ng sapat na pondo upang magamit ang buong potensyal ng nabuong website; 4. Maaaring gamitin ang website ng e-Panday-Basa bilang batayan sa pagbuo ng iba pang mga kagamitang pampagtataya sa iba't ibang asignatura.

References

- Baclig C. (2022). When 10-year-olds can't read: the dulling of PH education. *Inquirer.net*. <http://bit.ly/3R0897e>
- Baer, R. (2017). Kontekstwalisasyon at lokalisasyon sa edukasyon. *Press Reader*. Panay News. <https://sl1nk.com/9fph4wd>
- Bertis, L.(2009). Mahusay na pagbasa at pagsulat tungo sa mabisang pananaliksik. Jesta Prints, Inc., Valenzuela City.
- Buenaventura, M. J. (2018). Reading empowerment through maximize utilization of revised Phil-IRI and audio-visual materials. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research*, Abstract.
- Cabbuag, D. (2017). Reading performance and reading remediation practices in the public elementary schools of Tuao West district: basis for a proposed reading intervention program. *The SPUP Graduate School Research Program*.
- DepEd. (2020, February 17). Non-readers figure in Bicol premature. *Department of Education*. <https://shorturl.at/mpk72>
- Lopez, R. (2018). *Matuto, magbasa, maglaro: Learning to read braille through play*. Queen's University Kingston. Ontario, Canada.
- Mangahis, J. (2011). Ang makrong kasanayan sa Filipinolohiya. *Kite E-Learning Solutions*. CE Logic. <https://ejournals.ph/article.php?id=7993>
- Mortera, M. (2011). *Komunikasyon sa akademikong Filipino*. Trinitas Publishing, Inc. Manila City.